# Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng mga tungkulin kaya huwag kayong magpabaya sa mga ito, naghangganan ng mga hangganan kaya huwag kayong lumampas sa mga ito, nagbawal ng ilang bagay kaya huwag kayong lumabag sa mga ito, at nanahimik sa ilang bagay dala ng pagkaawa sa inyo hindi dala ng pagkalimot kaya huwag kayong maghanap ng mga ito."}

Ayon kay Abū Tha`labah Al-Khushanīy Jurthūm bin Nāshir (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng mga tungkulin kaya huwag kayong magpabaya sa mga ito, naghangganan ng mga hangganan kaya huwag kayong lumampas sa mga ito, nagbawal ng ilang bagay kaya huwag kayong lumabag sa mga ito, at nanahimik sa ilang bagay dala ng pagkaawa sa inyo hindi dala ng pagkalimot kaya huwag kayong maghanap ng mga ito."}

[Nagsabi si An-Nawawīy: ḥadīth na maganda] [Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dāraquṭnīy sa Sunan niya at iba pa]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay nag-obliga ng mga bagay at nagsatungkulin ng mga tungkulin kaya sumunod kayo sa mga ito at huwag kayong magpabaya sa mga ito sa pamamagitan ng pag-iwan o pagwawalang-bahala sa mga ito. Gumawa Siya para sa inyo ng mga pansagabal at mga pansawata na itinakdang sasagabal sa inyo at sasawata sa inyo laban sa anumang hindi Niya kinalulugdan kaya huwag kayong magdagdag sa mga ito ng higit sa anumang ipinag-utos ng batas. Nagbawal Siya ng mga ipinagbabawal kaya huwag kayong gumamit ng mga ito at huwag kayong lumapit sa mga ito. Ang anumang bukod pa roon ay umiwan Siya ng mga iyon at nanahimik Siya tungkol sa mga iyon bilang awa sa mga lingkod Niya kaya nanatili ang mga ito sa orihinalidad ng pagkapayag sa mga ito kaya huwag kayong maghanap ng mga ito.